

# BAKIT HINDI AKO NATATAKOT SA MGA MASASAMANG ESPIRITU?

By Dr. Terry L. Schultz

Multi-Language Publications
Bringing the Word to the World

The original text is Copyright © 2015 by Terry Schultz. Permission must be secured from the publisher to use or reproduce any part of this book, except for brief quotations in critical reviews or articles.

Original material adapted by Multi-Language Publications of the Board for World Missions of the Wisconsin Evangelical Lutheran Synod.

Copyright © 2015
MLP Catalog Number: 38-5336

All images are the work of Terry L. Schultz.

All Scripture is taken from the Holy Bible, New International Reader's Version ® NIrV® Copyright © 1995, 1996, 1998 by Biblica Inc. ™. Used by permission. All rights reserved worldwide.

**Ang pangyayaring ito ay nakatala sa Biblia** *(Mateo 8, Marcos 5)*



Inililibing ng mga Gadareno ang bangkay ng kanilang mga yumaong mahal sa buhay sa mga kuwebang hinukay sa gilid ng burol. Ang burol ay binubuo ng mga bato at matatagpuan sa labas ng bayan.

'Di man pangkaraniwan kung iisipin ngunit dalawang lalaki ang naninirahan sa malamig, madilim at malungkot na lugar na ito.

Nais ng mga tao na umalis ang mga lalaking yaon, malayo sa kanilang lugar.

Takot na takot ang mga tao sa kanila. Bakit kaya?



Ang kaawa-awang mga lalaking ito ay sinasapian ng mga demonyo o masasamang espiritu.


Maraming mababagsik na masasamang espiritu ang nananahan sa kanilang mga katawan.

Lubhang kakila-kilabot!


Napakatindi ng sakit at hirap na kanilang dinaranas bawat araw.




Isang araw, nagpunta sa lugar na yaon si Jesus, ang Anak ng Diyos. Sinalubong siya ng mga lalaking ito. Batid ni Jesus na labis-labis ang kanilang paghihirap dulot ng masasamang espiritung nananahan sa kanilang mga katawan. Ano ang ginawa ni Jesus?



Matindi ang takot ng mga masasamang espiritu kay Jesus. Alam nilang si Jesus ay may kapangyarihan upang parusahan sila. Sumigaw sila, "Naparito ka ba upang ipatapon kami sa impiyerno bago ang takdang-panahon? Papuntahin mo na lang kami sa kawan ng baboy", pagmamakaawa nila. Sinabi ni Jesus sa kanila, "Humayo kayo."



Agad na nilisan ng mga masasamang espiritu ang katawan ng mga lalaking ito at pumasok sa mga baboy na nasa kawan. Dinala ng mga masasamang espiritu sa bangin ang mga baboy at inihulog sa lawa. Nilunod nila ang bawat isang baboy na pinasukan nila.



Malaya na ngayon ang dalawang lalaking ito mula sa kapangyarihan ng diyablo! Hiniling ng isa sa mga lalaking ito na siya ay sumama kay Jesus. Ngunit sinabi ni Jesus sa kanya, "Bumalik ka sa iyong bayan at sabihin mo sa mga tao kung ano ang nangyari!"



Sinunod ng lalaking ito ang bilin ni Jesus. Buong galak niyang sinabi sa mga tao ang tungkol kay Jesus, ang Anak ng Diyos, na nagpamalas ng Kanyang kapangyarihan laban sa mga demonyo.



Si Jesus ay nagpatuloy sa pagganap ng Kanyang gawain sa lupa. Siya ay namatay sa krus upang bayaran ang kasalanan ng sanlibutan sa pamamagitan ng Kanyang banal na dugo! Pagkaraan ng tatlong araw, Siya ay bumangon mula sa libingan! Sa pamamagitan ng Kanyang kamatayan at muling pagkabuhay, nagapi ni Jesus ang diyablo at ang kapangyarihan nito. Isipin mo ito! Pinalaya ka na ni Jesus! Sa pamamagitan ng pananalig sa Kanya na kaloob ng Espiritu Santo, tinanggap mo ang kapatawaran ng iyong mga kasalanan. Hindi na maaari pang angkinin ng diyablo ang iyong kaluluwa! Sa pamamagitan ng pananalig, ikaw ay nabibilang na kay Jesus!



Ang mga nananalig kay Jesus ay walang anumang dapat na katakutan sa buhay na ito. Wala, kahit pa sa mga demonyo o masasamang espiritu.

Ang bawat sandali ng iyong buhay ay nasa pangangalaga at pag-iingat ng Diyos! "Huwag kayong mabahala tungkol sa anumang bagay" (Fil.4:6), sinasabi ng Diyos sa Kanyang mga anak!

Dapat ba tayong mag-ingat sa mga masasamang espiritu? Oo! Matakot sa mga ito? Hindi kailanman!



Kung hindi ka nagtitiwala kay Jesus, hindi mo tinatanggap ang kapatawaran ng iyong mga kasalanan. At hindi ka maaaring maging anak ng Diyos, sapagkat Siya ay isang banal at matuwid na Diyos. At ang diyablo at mga demonyo ay may karapatang angkinin ang iyong kaluluwa!

Huwag mo itong hayaang mangyari. Magtiwala ka kay Jesus, ang Tagapagligtas ng sanlibutan. "Ang sinumang sumampalataya sa kanya ay hindi mapapahamak kundi magkakaroon ng buhay na walang hanggan." (Juan 3:16)



May mga pagkakataong pinahihintulutan ng Diyos ang mga demonyo upang magdulot ng ilang kaguluhan sa buhay ng isang Cristiano. Ginagawa ito ng Diyos upang subukin at patatagin ang Kanyang mga anak.


Sinasabi ng Biblia na pinahintulutan ng Diyos ang diyablo na maghasik ng labis na pagdurusa sa buhay ni Job. Ngunit sa bandang huli ay higit pang lumakas ang pananalig ni Job kaysa dati!

Si Job ay halimbawa para sa atin ngayon. Anuman ang mangyari, mapagtitiwalaan natin ang ating Diyos na makapangyarihan sa lahat.




Sa pagwawakas ng mundong ito, ang diyablo at lahat ng mga demonyong gumagala dito sa lupa ay itatapon sa impiyerno. Sa aklat ng Pahayag, tinawag ng Diyos ang impiyerno na “lawa ng apoy” (Pahayag 20:14).

Ang diyablo at ang mga demonyo ay parurusahan ng walang katapusan!



Sa mga nananalig kay Jesus, ang Diyos ay nasa kanilang tabi bawat sandali ng kanilang buhay. “Hindi kita iiwan. Hindi kita pababayaan” (Hebreo 13:5), sabi ng Diyos sa Kanyang mga anak.

Kung tayo ay mamatay, dadalhin tayo ng Diyos sa paraiso. Doon ay wala nang anumang pagdurusa, pagkabigo, gutom o anumang karamdaman. Mabubuhay tayo roon sa walang hanggang kagalakan, higit pa sa ating inaasahan o iniisip!



Salamat Jesus sa kaligtasang inihanda mo para sa bawat isang nananalig sa Iyo!

Sinabi ni Jesus, “Ako ang daan, ang katotohanan, at ang buhay” (Juan 14.6).

**Upang higit mong makilala si Jesus at ang kaligtasang inihanda Niya, makipag-ugnayan ka sa amin:**

Multi-Language Publications
Bringing the Word to the World

Why I don't fear demons - Tagalog
Copyright © 2015 WELS-BWM
MLP Catalog number: 38-5336